# Mga kandidato, 'wag' nang imbitahan sa grad rites – Joy B

Upang hindi mabahiran ng pulitika, binuhay ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang panawagan sa mga local public school officials na huwag nang imbitahan o pagsalitain ang mga kandidato sa mga graduation ceremonies, laluna kung papalapit na ang May 2019 midterm elections.

Ayon kay Belmonte tiyak na maraming kandidato ang magpipilit na pumunta sa mga public events tulad ng graduation para magpakilala at kumuha ng atensyon.

"Perhaps our local Division (Schools Division Office Quezon City) can consider this in order to maintain order and fairness in 2019 graduation ceremonies, I have suggested this to our Division Superintendent several times: those who are running for public office are not allowed to speak in order to avoid politicking. They can only attend and be recognized," dagdag ni Belmonte.

Anya, ang isyung ito ay inungkat sa kanya ng mga DepEd regional directors na kasama niya sa isang linggong Learning and Partnership Visit on Education Governance na inisponsoran ng Australian Agency for International Development (AusAid) sa Australia.

Sinasabi ng mga public officials na hindi sila nag-iimbita ng mga kandidato sa kanilang mga paaralan kundi mga taong maaaring maging inspirasyon ng mga kabataan.

"I always thought we in the highly urbanized cities are more open-minded and progressive than our brothers and sisters in the provinces but apparently the reverse is true. Very impressive," ani Belmonte.

Nitong Abril, nanawagan si DepEd Secretary Leonor Briones sa mga school officials na iwasang gawing political event ang mga graduation at moving up ceremonies.

Lumahok sa study tour sa Australia si Belmonte upang pag-aralan ang mga makabagong programa at pamamaraan sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon na maaaring maiambag sa ating bansa. *(Angie dela Cruz)*